Binhi AWARDS 2022 BEST AGRI-RELATED GOVERNMENT PUBLICATION

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE-PHILIPPINE CARABAO CENTER

Science City of Muñoz, Nueva Ecija



## silang nagtuloy sa *legasiya*

ISSN 2507-8933

Tomo 8, Blg. 4 | 2023

Pang-apat na Isyu

# Karbaw

OPISYAL NA MAGASIN NG DEPARTMENT OF AGRICULTURE-PHILIPPINE CARABAO CENTER

Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | ISO 45001

Tomo 8, Blg. 4 | 2023
Pang-apat na Isyu
Oktubre-Disyembre



PATNUGUTAN

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA S. GALANG
**Tagapamahalang Patnugot** MA. CECILIA IRANG-MARIANO
**Manunulat** MA. CECILIA IRANG-MARIANO, RONALINE C. CANUTE, ROVELYN T. JACANG, REI-MAR D. AGUINALDO, MIKEE A. ANTONIO, DINE YVE D. DAGANOS
**Layout at Ilustrasyon** ROWENA S. GALANG
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** RONALINE C. CANUTE, REI-MAR D. AGUINALDO
**Tagapayo** CARO B. SALCES



Ang **Karbaw** ay isang magasin na inilalathala ng Knowledge Management Division (KMD) ng Philippine Carabao Center (PCC), isang ahensiya sa ilalim ng Kagawaran ng Agrikultura, apat na beses sa isang taon. Layon ng **Karbaw** magasin na iparating sa mga mambabasa nito ang iba't ibang kwento ukol sa mga tao, pangyayari, at iba pa na may kinalaman sa umiigting at lumalagong industriya ng kalabaw sa bansa.



Ang reproduksiyon ng alin mang artikulo mula sa pahayagang ito ay hinihimok nang may wastong pagkilala sa may akda o sa **Karbaw** magasin. Gayundin, tinatanggap ng patnugutan ang anumang komento at suhestiyon tungkol sa mga nailimbag na artikulo. Ipadala ang inyong mga kuru-kuro sa kmd@pcc.gov.ph.



**DA-PCC NATIONAL HEADQUARTERS AND GENE POOL** •Science City of Muñoz, Nueva Ecija•Telephone No.: (+63) (044) 456.0731•Email: oed@pcc.gov.ph **REGIONAL CENTERS: DA-PCC AT MARIANO MARCOS STATE UNIVERSITY** Batac City, Ilocos Norte•Mobile No.: (+63) 919.224.9062 •Email: pcc-mmsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CAGAYAN STATE UNIVERSITY** Tuguegarao City, Cagayan •Telephone No.: (+63) (078) 377.9315 •Email: pcc-csu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT DON MARIANO MARCOS MEMORIAL STATE UNIVERSITY** Rosario, La Union •Mobile No.: (+63) 920.982.9666 •Email: pcc-dmmmsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CENTRAL LUZON STATE UNIVERSITY** Science City of Muñoz, Nueva Ecija •Telephone No.: (+63) (044) 940 3061•Mobile No.: (+63) 968.853.5754 •Email: pcc-clsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES AT LOS BAÑOS** Los Baños, Laguna •Telephone No.: (+63) (049) 536.2729 •Email: pcc-uplb@pcc.gov.ph **DA-PCC AT VISAYAS STATE UNIVERSITY** Baybay City, Leyte •Mobile No.: (+63) 908.895.2461 •Email: pcc-vsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT WEST VISAYAS STATE UNIVERSITY** Calinog, Iloilo •Telephone No.: (+63) (033) 323.4781 •Mobile No.: (+63) 999.991.6115 •(+63) 928.945.7760 •Email: pcc-wvsu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT LA CARLOTA STOCK FARM** La Granja, La Carlota City, Negros Occidental •Mobile No.: (+63) 919.006.8392 •Email: pcc-lcsf@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UBAY STOCK FARM** Ubay, Bohol •Mobile No.: (+63) 997.111.7680 |(+63) 945.119.3998 •Email: pcc-usf@pcc.gov.ph **DA-PCC AT MINDANAO LIVESTOCK PRODUCTION CENTER** Kalawit, Zamboanga del Norte •Mobile No.: (+63) 912.784.4668 | (+63) 935.387.9652 •Email: pcc-mlpc@pcc.gov.ph **DA-PCC AT CENTRAL MINDANAO UNIVERSITY** Maramag, Bukidnon •Mobile No.: (+63) 939.916.9719 | (+63) 966.645.6292 •Email: pcc-cmu@pcc.gov.ph **DA-PCC AT UNIVERSITY OF SOUTHERN MINDANAO** Kabacan, North Cotabato •Mobile No.: (+63) 919.397.0872 | (+63) 920.621.9722 •Email: pcc-usm@pcc.gov.ph


## MGA NILALAMAN


3 Iniwang legasiya, ipinagpatuloy ng dalagang carapreneur

6 Olivia, ang babaeng mambubuntis

8 Freddie: Kwentong pag-angat sa lakbayin ng buhay

10 Dati'y nag-aalinlangan, ngayo'y asensadong kabuhayan

16 Kwentong Cara Cuero





**PALIWANAG SA PABALAT**

Kahanga-hanga ang ipinamamalas na husay ni Miccaela Alfonso, 28, sa larangan ng pagkakalabawan. Siya ang punong-abala mula sa paggagatas hanggang sa pagkuha ng damong pakain para sa 11 kalabaw na kanilang inaalagaan. Katulad ng bulong itinataguyod niyang palakihin, pinalaki rin si Micca na mulat sa negosyong pagkakalabawan—ang iniwang legasiya ng kanyang amang si Miguel.

(LARAWANG KUHA NI **DINE YVE DAGANOS**)



# Iniwang legasiya,
## ipinagpatuloy ng dalagang carapreneur

**Miccaela Alfonso, 28, mas kilala sa palayaw na "Micca"—Bagama't kahanga-hanga ang ipinamamalas na husay ng dalagang ito sa larangan ng pagkakalabawan, may mas malalim pa pala siyang pinaghuhugutan kung bakit buong-puso niyang niyakap ang nasabing gawain.**

NI **MA. CECILIA IRANG-MARIANO**
MGA LARAWANG KUHA NI **DINE YVE DAGANOS**

Kung ang ibang kabataa'y kaliwa't kanan ang upload ng mga "selfies", pasyalan, at iba't ibang personal na ganap sa kani-kanilang mga socmed accounts, agaw-pansin naman ang ipino-post na content ng isang dalaga sa San Jose City, Nueva Ecija. Ang sa kanya'y mga videos ng pagpapaligo ng kalabaw, paggagatas, pagkuha ng pakain sa katirikan ng araw, paglilinis ng kulungan at dumi, at paggawa ng mandala ng dayami.


SUNDAN SA SUSUNOD NA PAHINA

**Bilang isang babaeng kabataan, patotoo si Micca na kaya na ring gawin ng mga babae ang ginagawa ng mga lalaki sa agrikultura partikular na sa pagkakalabawan.**




TINGNAN ANG IBA PANG LARAWAN SA PAHINA 13

**2.24M**
**KABABAIHAN**

Base sa Philippine Statistics Authority noong 2019, may 9.70 milyong tao ang nagtatrabaho sa sektor ng agrikultura, nasa 2.24 milyon dito ang kababaihan habang 7.46 milyon naman ang kalalakihan. Ipinakikita sa datos na ito na kinikilala na rin ng sektor ang kakayahan ng kababaihan sa larangan ng agrikultura.

Siya si Miccaela Alfonso, 28, o mas kilala sa palayaw na "Micca". Bagama't kahanga-hanga ang ipinamamalas na husay ng dalagang ito sa larangan ng pagkakalabawan, may mas malalim pa pala siyang pinaghuhugutan kung bakit buong-puso niyang niyakap ang nasabing gawain.

Aniya, sa isang iglap ay nagbago ang takbo ng operasyon sa kalabawan ng kanilang pamilya nang pumanaw ang ama niyang si Miguel, 51, na siyang nagsilbing haligi at pundasyon nito sa mahabang panahon. Nguni't sa halip na sumuko sa pagkakalabawan, nanindigan si Micca na ipagpatuloy ang naiwang legasiya ng kanyang ama.

"Pagkalibing ni Papang, napanaginipan ko siya kaagad. Sabi niya, 'huwag ka munang magtrabaho, mag-focus ka muna sa farm'," kwento ni Micca.

Si Miguel ay isa sa mga premyadong magkakalabaw sa barangay Palestina na inaasistehan ng DA-PCC. Noong 2019, nagwagi ang kanyang kalabaw sa Gintong Kalabaw Senior Cow Category dahil sa magandang pangangatawan nito at dami ng produksyon ng gatas, na sumasalamin sa husay ni Miguel sa pag-aalaga.

"Noong nawala si Papang, bumagsak talaga 'yong katawan ng mga kalabaw namin dahil siya 'yong nakatutok noon sa pag-aalaga. Nasa punto kami ngayon na ibinabalik namin 'yong magandang pangangatawan ng mga kalabaw kasi sayang naman 'yong pinaghirapan ni Papang," ani Micca.

Bilang anak, alam ni Micca ang naging pakinabang ng mga alagang kalabaw sa kanilang pamilya lalo na noong nag-aaral pa silang magkakapatid. Ito, aniya, ang nakapagtustos sa kanilang pinansyal na pangangailangan dahilan para makapagtapos silang tatlo ng pag-aaral. Ang panganay nilang si Michael Dean, 31, ay nakapagtapos ng kursong Bachelor of Science in Information Technology, sumunod si Mitchieco, 30, sa kursong Bachelor of Science in Tourism Management, at si Micca naman ay nakatapos ng Cruise Ship Hotel and Restaurant Services. Ang bunso na si Miguel II, 23, ay graduating student sa kursong Bachelor of Arts in Political Science.

Nang maka-graduate si Micca, iba't ibang trabaho ang kanyang sinubukan na nagturo sa kanyang makihalubilo at humarap sa mga tao at nagbigay ng maraming kaalaman sa iba't ibang mga bagay. Nagtrabaho siya bilang service crew sa isang restaurant, naging secretary at manager ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) kung saan sila kasapi, at naging empleyado rin siya ng DA-PCC. Ang mga karanasan at mga kaalamang natamo niya sa lahat ng mga pinasukan niya ang naghubog, aniya, sa kanya upang mas maging handa sa pagsunod sa yapak ng kanyang ama sa industriya ng pagkakalabawan.

### Pagsunod sa yapak

Sa pangambang isa-isang mawawala ang mga kalabaw nila hanggang sa puntong matutuldukan na ang kabuhayang nagtaguyod sa kanilang pamilya, napagtanto ni Micca kung gaano kahalaga ang magkaroon ng "second liner" o isang anak na pursigidong magtuloy sa isang negosyo.

Kung dati ay sa paggagatas, paglilinis, at pagtatala lang siya nakatutulong noon sa ama, ngayon naman ay siya na ang punong-abala sa pagganap ng lahat ng mga tungkulin sa kalabawan. Alas kwatro pa lang ng madaling-araw ay nagsisimula na ang mga gawain niya rito. Siya ang namamahala mula sa paghahanda ng kagamitan sa paggagatas hanggang sa pagde-deliver nito at pagmimintina ng mga records. Maalam na rin si Micca sa pagbibigay ng vitamins at pagsusuri kung buntis na ang kalabaw.

Nasaksihan niya kung paanong pinagtutuunan ng panahon ng kanyang mga magulang ang pagkakalabaw simula noong 2015. Aniya, sa sobrang pagmamahal nila sa mga alaga ay pamilya na ang turing nila sa mga ito at halos sa farm na noon natutulog sina Miguel at asawang si Marcelina, 53.

Wala naman, aniyang, pagsisisi si Micca dahil naalagaan niya si Miguel bago ito pumanaw sa sakit na brain tumor noong Oktubre 2021. Ayon sa kanya, unang nag-manage ng kanilang kalabawan si Michael Dean nguni't huminto rin ito dahil siya na ang mamamahala sa isa pang negosyo ng kanilang pamilya, ang maisan. Si Micca na ang nagtuloy ng negosyo sa kalabawan matapos mag-resign sa DA-PCC bilang enumerator.

Sa kasalukuyan, 11 ang inaalagaang kalabaw ng pamilya Alfonso. Tatlo ang buntis habang dalawa ang ginagatasan na nakapagbibigay ng karaniwang 10 litro sa isang araw. Binibili naman ito ng EPMPC sa halagang PHP77 kada litro.

### 'Proud sa'kin si Papang'

Dahil sa pagiging isang modelong kabataan sa kalabawan, naanyayahan na rin si Micca na maging resource speaker sa iba't ibang paksang may kaugnayan sa pagiging second liner at pag-aalaga ng kalabaw.

Para sa kanya, mahalaga na may vision at passion sa pag-aalaga ng kalabaw, bagay na natutunan niya sa kanyang ama. Ang tunguhin ngayon ng Miguel Dairy Farm sa ilalim ng pamamahala ni Micca ay maging isang learning site at kalauna'y maging farm school.

Dalawang taon na ang nakalilipas nang mawala si Miguel nguni't aminado si Micca na sa tuwing nasa kalabawan siya, isang senaryo ang paulit-ulit pa ring nananariwa sa kanyang alaala. Ito'y ang mga panahong masaya silang magkasamang mag-ama na naggagatas ng kalabaw, na kung may pagkakataon lang siya ay nais niyang balik-balikan at muling maranasan. Ⓚ

# Olivia
## Ang babaeng mambubuntis

NI **RONALINE CANUTE**
MGA LARAWANG KUHA NINA **DINE YVE DAGANOS** AT **MAXIMO PERALTA JR.**

Mabilis na kumalat sa Pangasinan ang balitang isang babae diumano sa Alaminos ang magaling mambuntis...ng kalabaw?!

Sa dami ng mga nag-aalaga ng kalabaw at baka na dumudulog sa Provincial Veterinary Office ng Pangasinan upang humingi ng tulong na lutasin ang mga suliraning tungkol sa reproduksyon ng kanilang mga alagang hayop, ang babaeng mambubuntis ang kadalasang inirerekomenda.

Siya si Olivia Palazo, ang bukod-tanging babaeng village-based artificial insemination technician (VBAIT) ng Pangasinan.

Tila nakatadhana kay Olivia ang apelyido niyang Palazo (kung bigkasin ay Palaso) o arrow sa wikang Ingles dahil sa husay niyang tumama sa target.

Sa katatapos na 9th National Carabao Conference noong Nobyembre sa Cebu, kinilala si Olivia bilang "Huwarang Juana sa Kalabawan" dahil sa kanyang ipinamalas na galing bilang isang babaeng VBAIT.

Gayundin, kinilala siya nitong Nobyembre 6 lamang ng lokal na pamahalaan ng Alaminos sa kanyang naging kontribusyon sa pagpapaunlad ng industriya ng paghahayupan sa kanilang lugar.

**Kagalakan sa trabaho**

Ang buong isang linggo ni Olivia ay siksik sa schedule. Kasama ng kanyang asawang si Manuel ay binabaybay nila ang buong western Pangasinan para puntahan ang mga magkakalabaw na nangangailangan ng kanyang serbisyo.

"Kahit bumabagyo, umaaraw, gabi o madaling-araw, hindi ako makahindi sa mga tumatawag sa akin kasi 'pag lumagpas na ang paglalandi nung kalabaw, sayang ang pagkakataon ni farmer na mapabuntis ang kanyang alaga," ani Olivia.

Sa isang araw ay nakapagseserbisyo siya ng tatlong kalabaw at kung minsan ay umaabot pa hanggang pito. Halagang PHP1,000 ang sinisingil niyang service fee kung malayo ang lugar at PHP800 naman kung malapit.

"Kapag walang-wala talaga si farmer, tinatanggap ko kung ano talaga ang kaya nilang ibigay. Kung minsan, bigas ang ibinabayad nila at okay lang 'yon," kwento ni Olivia.

Sa kasalukuyan, si Olivia ang presidente ng kanilang samahang Alaminos City Carabao Raisers Association (ACCRA) at siya mismo ang nagseserbisyo bilang AI technician sa kalabaw ng kanilang mga miyembro nang walang bayad.

Ayon sa kanya, sapat nang makita niyang ngumiti si farmer dahil nanganak ang alaga nitong kalabaw.

"Ang maituturing kong reward ay ang makitang ngumiti si farmer. 'Yong maranasan nilang makapaggatas at nakikita kong umaangat unti-unti ang kanilang estado ng pamumuhay ay sobrang fulfilling na sa part ko," pagbabahagi ni Olivia.

**Asawa, nanay, at guro**

Maliban sa pagiging VBAIT at asawa kay Manuel, ina rin si Olivia sa nag-iisang anak na si Elijah Noelle.

Malaking responsibilidad ang kanyang pasan-pasan nguni't nananatiling matatag na ehemplo si Olivia ng isang "superwoman".

"Mahalaga sa amin ang araw ng Linggo. Magsisimba kami bilang pamilya, kakain sa fast food, at kung minsan ay lumalabas kami para mag-dinner. Very supportive ang asawa't anak ko sa aking career," aniya.

Si Olivia ay dating guro habang si Manuel ay dating seaman. Kahit hindi na nagtuturo si Olivia, nananalaytay pa rin sa kanyang dugo ang pagkahilig sa pagtuturo at pagkatuto. Siya ang nakatokang dumalo sa mga seminars at training dahil mas kaya ng kanyang asawang si Manuel ang alagaang mag-isa ang kanilang mga kalabaw. Nagsanay siya sa DA-PCC sa Don Mariano Marcos Memorial State University (DA-PCC sa DMMMSU) upang maging

SUNDAN SA PAHINA 14





**'Yong maranasan nilang makapaggatas at nakikita kong umaangat unti-unti ang kanilang estado ng pamumuhay ay sobrang fulfilling na sa part ko.**

OLIVIA




# Freddie

## kwentong pag-angat sa lakbayin ng buhay

NI **ROVELYN JACANG**
MGA LARAWANG KUHA NI **DINE YVE DAGANOS**

**Malaki ang pasasalamat ni Freddie Carlos, isang magkakalabaw mula sa Porais, San Jose City, Nueva Ecija, sa DA-PCC dahil simula nang mapahiraman siya ng gatasang kalabaw ay nagkaroon siya ng dagdag na pagkakakitaan.**

Dating pagta-tricycle ang kabuhayan ni Freddie, na kumikita lang ng PHP5,000 hanggang PHP7,000 sa isang buwan. Nguni't simula nang magkalabawan siya noong 2009, mas maginhawang pamumuhay ang naranasan niya at ng kanyang buong pamilya. Ang dating kinikita sa pamamasada ng tricycle ay nadoble at kung minsan nga ay higit pa.

Bagama't iba ang pag-aalaga ng purebred na kalabaw kumpara sa native na siyang nakasanayan ni Freddie, matiyaga siyang dumalo sa mga pagsasanay upang mas mapalago pa ang kanyang kaalaman at mapagbuti ang pag-aalaga ng mga kalabaw. Sa loob lamang ng isang taon matapos maipagkaloob kay Freddie ang gatasang kalabaw ay nagsimula na siyang kumita mula sa gatas. Nakakukuha siya ng 5-6 litro ng gatas araw-araw na noong panahong iyon ay naipagbibili niya sa halagang PHP60 kada litro.

Patuloy niyang pinagyayaman ang biyayang natanggap at nito lamang taong 2023 ay umabot na sa 25 litro ang kanyang naaaning gatas na naibebenta niya ng PHP80 kada litro. Mula sa isang alagang kalabaw, umabot na ngayon sa 15 ang kanyang inaalagaan, lima rito ang ginagatasan at ang iba ay buntis pa.

Hindi biro ang pag-aalaga ng gatasang kalabaw. Ang iba ay sumusuko dahil sa ilang kadahilanan. Isa na rito ang hindi o hirap na pagbubuntis. Kaya may ibang magsasaka ang nagsasauli ng kanilang alagang kalabaw. Kung hindi nga naman magbubuntis ang kalabaw ay hindi nila ito magagatasan at mapagkakakitaan.

Sa ganitong pagkakataon, si Freddie ang tumatanggap ng mga isinauling kalabaw at dahil sa kanyang matiyagang pag-aalaga, bumuti ang kalagayan ng mga kalabaw na dati ay payat at hindi mabuntis.

"Ina-adopt ko yung mga natutunan ko sa mga seminar lalo na sa Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP)," ani Freddie. Malaki, aniya, ang naging pakinabang ng pagsasanay na ito dahil nagkaroon siya ng sapat na kaalaman kung paano mapagbubuti ang kanyang pag-aalaga lalo na pagdating sa nutrisyon at kalusugan ng mga kalabaw. "Hindi naman lahat ng natututunan sa training ay kaya nating i-adopt. Pumili lang ako ng kaya kong gawin na nakikita kong angkop sa farm ko," dagdag pa ni Freddie.

Si Freddie ay kabilang sa mga pinakaunang sinanay sa FLS-DBP. Dumaan siya sa training of trainers upang maging facilitator at magturo naman sa kanyang mga kapwa magsasaka. Ayon sa kanya, dahil sa FLS-DBP ay nalinang ang kanyang social skills. Hindi na siya mahiyain gaya ng dati at mas natutong makisalamuha sa ibang tao. "Mayroon na akong naisasagot kapag may nagtanong sa akin dahil sa mga itinurong mga pinagbuting pamamaraan sa pag-aalaga ng kalabaw," ani Freddie. Malimit ding maimbitahan si Freddie para maging resource speaker at magbahagi ng kanyang kaalaman at karanasan sa ibang magkakalabaw na nagsasanay sa FLS-DBP mula sa Visayas at Mindanao.

Sa kasalukuyan, si Freddie ang chairperson ng Simula ng Panibagong Bukas Multi-Purpose Cooperative sa San Jose City, Nueva Ecija. Ⓚ

TINGNAN ANG IBA PANG LARAWAN SA PAHINA 15

**Magtiyaga at patuloy na linangin ang kaalaman—dahil sa kalabaw, sure ang kita! Magandang negosyo ang pagkakalabaw dahil wala kang boss at araw-araw ang kita basta matiyaga at alagaan ng tama ang mga kalabaw gamit ang mga teknolohiya at pinagbuting pamamaraan na itinuturo ng DA-PCC.**

FREDDIE




Dati'y nag-aalinlangan, ngayo'y

# asensadong kabuhayan

NI **REI-MAR AGUINALDO**
MGA LARAWANG KUHA NI **DINE YVE DAGANOS**




**"Baka hindi po namin kaya..." 'yan ang salitang binitawan ni Cora Q. Cabintoy halos tatlong taon na ang nakararaan nang mapili sila ng DA-Philippine Carabao Center (DA-PCC) bilang katiwala sa programa nitong pag-aalaga ng mga gatasang kalabaw. Si Cora ang ngayo'y tagapamahala ng Antipolo Primary Multipurpose Agricultural Cooperative (APMAC) sa Antipolo, Dapitan City, Zamboanga Del Norte.**

Ang APMAC na itinatag noong 1992 ay nagsimula lang sa 23 miyembro at ngayon ay mayroon nang 105 at patuloy pang lumalaki. Susi rito ang pagtutulungan at layuning umasenso ang bawa't miyembro.

Ang pag-asenso at paglago ng isang kooperatiba ay hindi birong layunin. Katulad ng pagnenegosyo, hindi lang kapital at tiyaga ang puhunan kundi talino at wastong pagpapasya na hinihiling ng iba't ibang sitwasyon o pagkakataon. Halimbawa, ang desisyong pasukin ang isang bagong negosyo ay isang mahalagang desisyon na maaaring ikabagsak o ikaunlad ng kooperatiba.

Ganito ang naging sitwasyon ng APMAC nang ipakilala sa kanila ang programa sa paggagatasan gamit ang kalabaw. Aminado ang pamunuan ng kooperatiba na noong una ay tinanggihan nila ang oportunidad na ito. Nguni't sa tulong at gabay ng DA-PCC, pinal na pinagdesisyunan ng Board na subukan ang negosyo.

"Bago namin pinasok ang negosyong pag-aalaga ng gatasang kalabaw ay bumibili kami at nagtitinda ng kopra, palay, bigas at pagkain ng baboy. Nag-umpisa kami sa PHP100,000 na capital hanggang sa napalago namin ito," ani Cora.

**Pag-aalinlangan**

Hindi naging madali para sa APMAC na makumbinsing maging katiwala ng DA-PCC sa programang pagkakalabawan dahil wala itong lakas ng loob noong una at wala rin itong tiwalang magtatagumpay ito rito.

Ayon kay Lucy Recamara, operations in charge ng Dairy Box-Dapitan City, "Noong una kaming puntahan ng DA-PCC, APMAC talaga ang ini-recommend ko dahil sila ang may kapasidad na patakbuhin ito pero tinanggihan nila noong una kaya't pinayuhan ko sila at sinabi na hindi naman tayo pababayaan ng DA-PCC. Hindi naman nila tayo ilalagay sa alanganin at nariyan sila para tulungan tayo."

Ang mga salitang binitawan ni Gng. Recamara ay naging daan upang buksan ang kanilang pinto upang papasukin ang DA-PCC sa kanilang kooperatiba.

Kaya't nang unti-unting lumago



ang kooperatiba, laking pasasalamat nito sa DA-PCC, "malaking tulong po talaga ang DA-PCC sa amin. Kung hindi po dahil sa kanila ay hindi po namin mararating ang kinatatayuan namin ngayon," ani Cora.

**Pag-asa**

Taong 2021 nang magsimula ang mga miyembro ng koop na mag-alaga ng gatasang kalabaw na ngayo'y aabot na sa mahigit 30.

Isa sa mga miyembro nito si Marvin na tatlong taon nang nag-aalaga ng gatasang kalabaw. "Sa tatlong taong pag-aalaga ko po sa dalawang kalabaw ay nagkaroon na po ito ng tatlong anak," aniya.

Nakapagpalakas ito ng loob ng ibang miyembro na ang mga alagang kalabaw ay hirap magbuntis na katulad ng kay Evelyn Barcelona, 63, na tatlong taon na ring nag-aalaga ng kalabaw. "Mahigit isang taon na mula nang matanggap ko ang aking kalabaw nguni't hanggang ngayon ay hindi pa rin nabubuntis pero hindi ako pinanghihinaan ng loob dahil alam kong darating din ang panahon ko na katulad ng kay Marvin,"pahayag ni Evelyn.

Hindi rin napigilan ng ibang miyembro ng APMAC na iparating ang kanilang kinakaharap na problema sa DA-PCC. "Alam po naming sa panahon na hirap na kaming mag-alaga ng aming mga kalabaw ay nariyan ang DA-PCC na laging gagabay sa amin," anang mga miyembro na positibo namang tinugunan ng DA-PCC.

**Tagumpay**

Sa kabila ng mga pagsubok na kanilang pinagdaanan ay nanatili ang mga miyembro ng APMAC na matatag na sinusuong ang pagkakalabawan dahil sa pag-asa ng magandang kinabukasan. Malayo-layo na rin ang narating nila sa nasumpungang kabuhayan nguni't nananalig silang mas malayo pa ang mararating ng APMAC.

"Nakikita ko talaga na ginagabayan nila ang bawa't isa at nagtutulungan sila pagdating sa pag-aalaga ng kanilang mga kalabaw. Isa ito sa mga dahilan kung bakit matagumpay ang aming kooperatiba," ani Cora.

Nguni't paano nga ba masasabing napagtagumpayan mo na ang isang bagay? Para kay Marvin, "ang tagumpay ay hindi nasusukat sa kung gaano na kalaki ang iyong kinikita o kung gaano na kalayo ang narating mo sa buhay. Para sa akin, nasusukat ang tagumpay sa ligayang naidudulot sa iyo ng iyong ginagawa. Para sa tulad naming simpleng tao na naghahangad lang ng isang masaganang buhay, maituturing kong ako ay matagumpay na dahil naibibigay ko na sa aking pamilya ang kanilang pangangailangan sa tulong ng pagkakalabaw at 'yun ang nakapagpapasaya sa akin."

Para naman sa APMAC, simbolo ng pagsisimula ng kanilang tagumpay ang pagkakaroon nila ng sariling Dairy Box. Dahil sa maayos nilang pagpapatakbo nito ay nagkaroon sila ng iba't ibang kagamitan na makatutulong sa kanila sa paggawa ng mga produkto mula sa gatas ng kalabaw.

Sa mahigit 30 taong patuloy na operasyon ng kooperatiba at sa dumarami pang miyembro na natutulungan nito ay hindi maikakailang madaming buhay pa ang mababago ng APMAC hanggang sa makamit nila ang inaasam na tagumpay at masaganang buhay. K

**Hindi po namin masasabing madali ang pag-aalaga ng kalabaw, kailangan talaga ng sipag at tiyaga para mapagtagumpayan ito. Kahit mahirap ay nagpapatuloy pa rin po kami dahil alam naming sa huli ang kapalit ng pagtitiyaga ay kaginhawaan, 'yun po ang aming pinanghahawakan.**

MARVIN

**Proud sa'kin si Papang pero kung makikita niya ako ngayon sigurado akong mas magiging proud pa siya sa'kin.**

MICCA














# Olivia...

MULA SA PAHINA 6

facilitator ng Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production o FLS-DBP. Isa siya sa mga naunang tagapagturo sa kauna-unahang FLS-DBP sa Pangasinan.

"Sa mga unang linggo ng pagiging VBAIT ko, nagulat ako na itong asawa ko, dinadala sa akin ang mga kalabaw ng mga kapitbahay para maserbisyuhan. Sabi ko, 'wag muna dahil hindi pa ako sigurado sa kakayahan ko. Paano kapag 'di mabuntis mga iyan tapos nakapagbayad na sila," pagbabalik-tanaw ni Olivia.

Tured (wikang Ilokano) o lakas ng loob ang naging sandata ni Olivia upang labanan ang kanyang mga alinlangan at kawalang-tiwala sa sarili sa pagiging VBAIT noong una. Unti-unti, nabuo ang tiwala niya sa angking kakayahan at pinatunayan na ang pagiging isang babaeng VBAIT ay may sinasabi rin sa trabahong kadalasan ay panglalake.

"Sabi ko nga, maliit man ako na babae pero kaya kong tumbasan ang mga gawain ng mga lalaki," pagmamalaki niya.

**Pasasalamat**

Sa layo ng narating ni Olivia, hindi siya nakalimot sa kanyang naging simula at sa mga taong nagbukas ng pinto ng pagkakataon para sa kanya noon.

"Tunay ang isinisimbolo ng logo ng DA-PCC. Noong unang tingin ko sa logo, parang wala lang. Hanggang sa una kong anihin ang bunga ng mga trainings ko sa ahensya, doon ko naramdaman at nakita ang ibig sabihin ng logo. Totoo nga, behind that door, may kayamanan, may opportunity, may pagbabago," wika ni Olivia.

Ang mensahe ng logo ay kanyang ibinabahagi sa mga miyembro ng kanilang samahan na magsikap, na mag-attend ng trainings, at pag-igihan ang pag-aalaga ng kalabaw dahil ito ang unang hakbang para mabuksan ang isang magandang pagkakataon para sa kanila.

"Hindi ko maitatanggi ang 100% na suporta ng DA-PCC at ng LGU-Alaminos sa trabahong napili ko. Dahil sa suporta nila, naranasan kong sumakay ng eroplano, magkaroon ng ATM card, maglabas-pasok sa bangko, at makakain sa fast food anumang oras ko gusto. Mga mababababaw na kaligayahan pero meaningful," buong tuwang pagbabahagi ni Olivia.

Walang nagtatagumpay nang hindi dumadaan sa proseso ng pagkakamali at pagkatuto. Sipag at matinding determinasyon ang naging sandata ni Olivia para mapagtagumpayan ang mga inakala niyang limitasyon bilang babae na kalaunan ay ginawa niyang oportunidad para abutin ang mga sariling pangarap.

Inaani na ngayon ni Olivia at ng kanyang pamilya ang bunga ng kanilang pagsisikap. Nakapagpatayo sila ng bagong bahay, hindi na nagco-commute dahil meron nang sariling sasakyan, sigurado na ang edukasyon ng anak, at higit sa lahat, patuloy siyang nakapagbibigay ng tulong sa kapwa nang walang inaasahang kapalit. K







**Si Freddie ay kabilang sa mga pinakaunang sinanay sa FLS-DBP.**

## ANO NGA BA ANG FLS-DBP?

Ang FLS-DBP o Farmer Livestock School on Dairy Buffalo Production ay isang pagsasanay gamit ang participatory at adult learning na mga pamamaraan at prinsipyo. Ang masinsinang aktibidad na ito ay naglalayong bigyan ang mga kalahok ng mga kinakailangang karunungan at kakayahan sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw at mga negosyong salig dito.

i **Makipag-ugnayan sa alinmang DA-PCC regional centers para sa iba pang detalye.**



KWENTONG

# cara cuero

NI **MIKEE ANTONIO**

MGA LARAWANG KUHA NINA **ROWENA GALANG** AT **DINE YVE DAGANOS**



**Sa negosyong paghahayupan, hindi maiiwasang may mga alagang magkakasakit o mamamatay. Isa ito sa katotohanang kinakaharap ng mga dairy farms hindi lang ng ahensya kundi ng mga kooperatiba na inaasistehan nito. Nguni't sa halip na ituring na balakid o suliranin, isa itong oportunidad para sa DA-PCC sa Central Luzon State University (DA-PCC sa CLSU).**

Sa isang pambihirang pagkakataon, nakadaupang-palad ng center director ng DA-PCC sa CLSU na si Dr. Ericson N. Dela Cruz ang mga ministrong sina Bro. Pete Miranda na nakapag-aral sa isang leather school sa London at Bro. Marc Urmatan, parehong mula sa Christ Accepts Righteousness You are Now Apostles (CARYANA) ng Magalang, Pampanga. Bilang marurunong sa paggawa ng mga produktong gawa sa balat, ipinakita nila kay Dr. Dela Cruz ang manu-manong paggawa ng leather products gawa sa balat ng kalabaw.

Dito nagbukas ang isang panibagong industriya para sa DA-PCC sa CLSU—ang industriya ng leather products gawa sa balat ng kalabaw kasama na ang sungay nito. Nakilala rin nito kalaunan ang isa sa pinakamalaking tannery sa Meycauayan City, Bulacan na CHELSI Leather and Services, Inc. Ito ngayon ang katuwang ng DA-PCC sa CLSU sa pagdebelop ng mga carabao leather products na tinawag nitong "Cara Cuero" na hango sa mga salitang "carabao" at "cuero" o corium sa salitang Latin na ang ibig sabihin ay skin, hide, leather o balat. Si Karyssa Tantiongco, carabao-based enterprise development (CBED) staff ng DA-PCC sa CLSU, ang nakaisip sa pangalang ito.

Unang ipinakilala sa publiko ang mga produktong ito noong Marso 2023 sa ika-30 anibersaryo ng DA-PCC. Kabilang sa mga una nitong produkto ang coin purse, key chain, at card holder na gawa sa balat ng kalabaw. Mula naman sa sungay ng kalabaw, nag-display ito ng figurine, back scratcher, at suklay.

**Nagsimula sa proyekto**


Ang proyektong Cara Cuero ng ahensya ay ipinanganak sa isang capstone project na isinagawa ni Dr. Dela Cruz para sa kanyang pag-aaral sa isang Executive Course on Leadership, Innovation, Communication, and Knowledge Management (CLICK) Batch 3 noong 2022. Ang nasabing capstone project na may titulong "Utilizing hide of deceased carabao for leather production" ay naglalayong magamit ang balat ng kinatay na kalabaw bilang raw material. Ang CLICK ay isang















intensive training program na binuo ng Development Academy of the Philippines (DAP), Aboitiz and National Union of Career Executive Service Officers Inc. (NUCESO).

**Pagsubok sa simula**

Naging mainit ang pagtanggap ng publiko sa Cara Cuero at maraming positibong komento at suhestyon ang natanggap ng DA-PCC sa CLSU para makagawa ito ng iba't ibang produkto pa na mula sa balat at sungay ng kalabaw. Nguni't ang sumunod nitong hamon ay kung saan kukunin ang bastanteng suplay ng raw material.

Ginalugad ng DA-PCC sa CLSU ang mga posibleng lugar sa Region III at karatig lugar na panggagalingan ng balat at sungay. Napag-alaman nito sa pamamagitan ni Dr. Noel Soliman, ang city veterinarian ng Tarlac City, na mayroong maaaring mapagkunan ng balat at sungay sa slaughterhouse ng bayan.

Ayon pa kay Dr. Soliman, halos 10 hanggang 15 ang kinakatay na kalabaw araw-araw sa bayan ng Tarlac na ikinalungkot ni Dr. Dela Cruz.

Ang sumunod na problema ay ang pagtanggi ng mga mangangatay na ibenta sa ahensya ang mga balat dahil may siguradong mamimili na nito na gumagawa ng chicharon at balbakwa.

Sa masugid na pangungumbinse ni Dr. Dela Cruz, napapayag ang mga mangangatay na makipagtulungan sa ahensya para sa pagsusulong ng panibagong kabuhayan na salig sa balat at sungay ng kalabaw. Ang tiwala at kumpyansa ay humantong sa pirmahan ng kontrata na seselyo sa regular na pagbili ng raw hide.

Ang sumunod namang hinanap na supplier ng ahensya ang mangangalakal ng asin na gagamitin para ipreserba ang mga nabiling balat. Sa bayan naman ng Bulakan, Bulacan ito nahanap ng ahensya.

**Pagsuporta at pagkilala kay Cara Cuero**

Simula nang ito ay maipakilala sa publiko, naging patok na pang-token ang Cara Cuero sa mga VIP guests at dignitaries.

Umaapaw na suporta ang natanggap ng DA-PCC sa CLSU mula sa DA-PCC top management na pinangungunahan ni OIC Executive Director Dr. Caro B. Salces na ipinagmalaki kay DA Undersecretary for Livestock Deogracias Victor B. Savellano ang mga produktong balat na naghudyat sa huli para gawing token ang Cara Cuero sa pakikipag-ugnayan nito sa Taiwan.

Kamakailan din ay kinilala ni Department of Budget and Management (DBM) Secretary Aminah "Mina" F. Pangandaman ang kagandahan ng produkto nang ibigay itong token sa kanya sa CLSU kaugnay ng Research Innovation and Development (RIDe) Festival nito noong Oktubre. Ipinost ito ni Sec. Mina sa kanyang Facebook page at hinikayat ang kanyang followers na tangkilikin ang iba pang mga produkto ng DA-PCC.

Ganun na lang din ang pagsuportang ibinibigay ng CLSU community sa Cara Cuero. Ipinakilala ni CLSU President Dr. Edgard A. Orden ang Cara Cuero sa isang pagtitipon ng CLSU International Alumni Association na ginanap sa Thailand. Ginawa rin itong token ni CLSU Vice President for Administration Dr. Evaristo Abella sa kanyang pakikipag-ugnayan sa National Economic and Development Authority (NEDA).

Ang Cara Cuero rin ang ginawang token para sa mga VIP guests at resource persons sa katatapos na 9th National Carabao Conference (NCC) sa Lamac, Pinamungajan, Cebu.

Dahil sa mainit na pagtanggap sa Cara Cuero, ganun na lang din ang pagsisikap ng DA-PCC sa CLSU na pag-ibayuhin ang pagdebelop ng iba pang disenyo ng mga produkto nitong gawa sa balat ng kalabaw. Inspirasyon kung ituring ng DA-PCC sa CLSU ang mga tinatanggap nitong papuri sa iminomodelong negosyo.

Isa sa mga maraming pakinabang mula sa gawaing ito ang unti-unting panunumbalik ng mga nawawalang kaalaman noong unang panahon kabilang na ang tradisyunal na pagpoproseso ng leather. Inaasahan ng DA-PCC na mapataas ang demand para sa balat ng kalabaw na magbubunga ng mas maraming trabaho sa industriyang ito.

I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Gene Pool. Makibahagi rin sa buwanang Cara-Aralan webinar Series ng DA-PCC. I-follow ang aming Facebook page para malaman ang schedule ng webinar activities at maaccess ang registration form at Zoom link.

**DA-PCC K-PORTAL**

Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.

**DA-PCC VIRTUAL TOUR**

Maaari na ring bisitahin ang aming National Headquarters at Gene Pool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.

Ang Cara-Aralan ay libreng online seminar na isinasagawa ng DA-PCC sa pamamagitan ng Zoom meeting. Sakop ng talakayan ang iba't ibang paksa tungkol sa pagkakalabawan kabilang na ang reproduction, feed and nutrition, animal health, forage production, dairy production, processing and marketing, at cooperative development.

CARA ARALAN Webinar Series




## BULL ENTRUSTMENT PROGRAM

Purebred dairy-type bulls are loaned out to qualified farmers for natural mating with native or crossbred carabaos in areas where AI services are not available.

## TRAINING AND TECHNICAL ASSISTANCE

Trainings on animal reproduction, animal nutrition, animal health, forage production, cooperative development, dairy production and processing and marketing are provided to farmers and the agency's partner-implementers.

## COMMUNITY DEVELOPMENT

The agency takes premium in ensuring the mobility of the social medium, the cooperatives, assisting in organizational strengthening and in enterprise development.

## FROZEN BUFFALO SEMEN DISTRIBUTION

Selected bulls undergo performance and progeny testing and these are processed at the DA-PCC Semen Laboratory.

Frozen semen are made available nationwide through a systematized semen distribution system linked with AI technicians, cooperatives, DA-RFUs and LGUs.

## PRODUCTION AND DISTRIBUTION OF QUALITY BREEDING STOCKS

Out of the institutional herds of purebred buffaloes, breeding stocks are produced and are made available to interested farmers at production cost. This would ensure that, other than superior breeds accessible either by the semen used in AI or bulls for natural mating, breeder female dairy stocks of good quality are also available.

## LABORATORY SERVICES

Committed to a continued full support to its clients, laboratory services are provided including analysis of feed and milk samples, and animal health-related tests.

## ARTIFICIAL INSEMINATION (AI)

Rendered nationwide in villages by trained private village-based AI technicians (VBAITs) as well as technicians of local government units and DA-PCC, AI is used to produce animals with better productivity for milk and meat through sustained backcrossing to at least four generations, without disregard for draft power through harnessing superior genetic materials of riverine buffalo breed.